

Alamin ang Iyong mga Karapatan bilang Botante

Pagre-require ng Pagkakakilanlan ng Botante

Puwede ka lang atasang magpakita ng pagkakakilanlan para makaboto KUNG: 1) boboto ka sa unang pagkakataon; AT 2) hindi ka nagpakita ng CA driver's license/CA ID number o ang huling apat na digit ng Social Security number sa iyong form sa pagpaparehistro ng botante. Kung hindi ka nagdala ng ID, dapat kang humiling na bumoto sa probisyunal na balota.

Parehong Araw na Pagpaparehistro ng Botante

- Mula dalawang linggo bago ang eleksyon hanggang sa Araw ng Eleksyon, puwede kang magparehistro at pagkatapos ay bumoto sa parehong araw sa tanggapan ng mga eleksyon sa inyong county o habang personal na bumoboto sa lugar ng botohan o center ng pagboto.


Kailan Ka Dapat Humiling ng "Probisyunal na Balota"

- Kung naniniwala kang nakarehistro kang bumoto pero wala sa listahan ng rehistradong botante. (Dapat mong sagutan ang bagong form sa pagpaparehistro ng botante at pagkatapos ay bumoto sa probisyunal na balota.)
- Kung nawala mo, nasita, o hindi natanggap ang iyong balota, o hindi mo nadala ang balota sa iyong pagboto.

Karapatan mo bilang botante na bumoto sa probisyunal na balota kahit pa anumang isyu ang iyong posibleng makaharap sa lugar ng botohan. Mabibilang ang iyong probisyunal na balota pagkatapos makumpirma ng mga opisyal ng eleksyon ang bisa ng iyong rehistro bilang botante at dapat hindi ka pa bumoboto sa eleksyon.

Ang mga Botanteng Nasa Kanila pa ang Kanilang Balota sa Araw ng Eleksyon

- I-mail ito! Mabibilang ang mga naipadalang balota na may postmark sa Araw ng Eleksyon (Martes, Nob. 5).
- Sa Paraang Personal: Ibalik ang iyong balota sa ALINMANG lokasyon ng pag-drop off ng balota sa California bago ang 8:00 pm sa Araw ng Eleksyon.
- Puwedeng i-drop off ng sinuman ang iyong balota basta't hindi siya binayaran nang kada balota at sinagutan niya ang seksyon ng awtorisasyon sa sobre ng balota.



Kailan Dapat Tumawag sa Hotline para sa Botante

Maikling Oras ng Pagboto sa Araw ng Eleksyon

Tumawag kung hindi nagbukas ang lugar ng botohan nang 7:00 am, nagsara bago mag-8:00 pm, o nagsara nang 8:00 pm habang may nakapila pang mga botante.

ID ng Botante / Mga Probisyunal na Balota

Tumawag kung sinusuri ng mga kawani ng botohan ang mga ID ng mga botante o tumangging mag-isyu ng mga probisyunal na balota.

Mahahabang Pila Para Bumoto

Tumawag kung may mahahabang pila dahil sa kakulangan ng kawani ng botohan, mabagal ang pagtugon sa mga makina, o iba pang isyu.

Kulang sa Supply

Tumawag kung paubos na sa lugar ng botohan ang mga balota, probisyunal na balota, o iba pang materyales.

Pananakot sa Botante

Tumawag kung may pananakot o kumukuwestyon sa mga botante, o kung may misimpormasyon sa lugar ng botohan.

Mga Ilegal na Aktibidad sa Eleksyon

Tumawag kung may mga aktibidad ng pangangampanya (electioneering) sa loob ng 100 talampakan mula sa lugar ng botohan o drop box, kabilang ang pagsusuot ng mga campaign apparel, pagpapakita ng mga karatulang pangkampanya, pagpaparinig ng mga tumutukoy sa mga kandidato o isyu, atbp.

Pag-a-update ng mga Listahan ng Botante (Voter Rolls)

Tumawag kung hindi nag-a-update ang kawani ng botohan ng mga listahan nang isang beses kada isang oras (kung posible) hanggang 6:00 pm.

I-CLICK



Mag-sign up para masubaybayan ang status ng iyong balota – kailan ito naipadala, natanggap at nabilang



Multilingguwal na impormasyon ng mga kandidato, mga pagbobotohang panukalang batas at mga opsyon sa pagboto



Maagang Pagboto at mga Lokasyon ng Paghahatid ng Balota ayon sa County



Mga inendorsong kandidato at pagbobotohang panukalang batas; mga link sa mga sanggunian para sa botante